RepublikangPilipinas
LalawiganngBulakan
LungsodngMalolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-23 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG. 87-2020**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATADHANA SA TAUNANG PAG-ALAALA AT PAGDARAOS NG PALATUNTUNAN KAUGNAY SA MAKASAYSAYANG PANGYAYARI NA MAY KAUGNAYAN KAY DR. *JOSE* PROTACIO *RIZAL MERCADO Y. ALONZO REALONDA AT PAGLALAAN NG PONDO PARA SA LAYUNING ITO.***

**AKDA NI: KON. ENRICO C. CAPULE**

**TALA NG PAGPAPALIWANAG**

**SAPAGKAT,** taun-taon na ipinagdiriwang ang kaarawan at ginu-gunita ang kabayanihan ni Dr. Jose P. Rizal, higit na nakatuon ang pansin ng marami sa mga pook makasaysayan gaya ng Bagumbayan sa Luneta at Fort Santiago sa Maynila; Calamba, Laguna at Dapitan sa Zamboanga, bilang mga sentro ng pagdaraos ng mga *palatuntunang* pang-alaala;

**SAPAGKAT,** kakaunti lamang ang nakakabatid na nararapat maihanay ang Lungsod ng Malolos dito, sapagkat dito sa ating Lungsod ang kauna-unahang paggunita sa kabayanihan ni Rizal noong Disyembre 1898;

**SAPAGKAT,** mula taong 2010 ay muling binuhay ng 'Order of the Knights of Rizal-Plaridel Chapter' ang taung-taong paggunita sa Casa Real sa Malolos bilang kabayanihan ni Dr. Jose Rizal;

**SAPAGKAT,** mula nito ay naging taun-taon na ang ginagawang ito ng Order of the Knights of Rizal-Plaridel Chapter bilang panata at kanilang pagtalima sa Republic Act 646 bilang mga kabalyero ni Rizal;

**SAPAGKAT,** sa Casa Real, na matatagpuan sa Lungsod ng Malolos, ginanap ang unang Rizal Day sa bansa noong ika-30 ng Disyembre, 1898 sa atas ni Pangulong Emilio Aguinaldo;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang paunlarin at isulong ang turismo at ikintal sa bawat kabataan ng Lungsod ang aral at kabayanihang ginawa ni Dr. Jose P. Rizal;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** batay na rin sa Seksyon 458 ng nabanggit na Kodigo ay tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga Kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa Lungsod kabilang dito ang paggawa ng hakbang, upang mapangalagaan ang kapaligiran at kapakanan ng mga mamamayan ng Lungsod;

**DAHIL DITO,** ay itinatadhana ng Sangguniang Panlungsod ang mga sumusunod na may bisa ng Batas na;

**SEKSYON 1. - PAMAGAT** - Ang Kautusang Panlungsod na ito ay makilala sa taguring "Rizal Ordinance".

**SEKSYON 2. - KAHULUGAN NG MGA SALITA** - Ang mga salita at kaukulang kahulugan na ginamit sa Kautusang ito, na:

2.1 CTACSD - City Tourism, Arts, Culture and Sports Division;
2.2 DepEd- Department of Education;
2.3 DPWH - Department of Public Works and Highway;
2.4 NHCP - National Historical Commission of the Philippines;
2.5 OKOR - Order of the Knights of Rizal;
2.6 Pagdiriwang - wastong termino na ginagamit sa mga anibersaryo ng kapanganakan, pagkakatatag, proklamasyon o anumang masasayang araw;
2.7 Paggunita - ang wastong termino na ginagamit sa mga anibersaryo ng kamatayan o anumang hindi maganda pangyayari;
2.8 PHACTO - Provincial History, Arts & Culture and Tourism Office;
2.9 PNP - Philippine National Police;
2.10 *Palatuntunang* pang-alaala - taunang *palatuntunang* idinaraos sa isang partikular na personalidad o pangyayari sa kasaysayan sang-ayon sa mga protocol ng NHCP;
2.11 Protocol - wastong paggalaw at pagkakasunud-sunod ng mga Gawain sa bawat seremonya tuwing may *palatuntunang* pang-alaala sang-ayon sa pamantayan ng NHCP;
2.12 WOMFI- Women of Malolos Foundation Inc.;

**SEKSYON 3. - SAKOP** - Ang Kautusang Panlungsod na ito ay iiral at may bisa ng batas sa Teritoryong Hurisdiksyonal ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 4. - DEKLARASYON NG PATAKARAN** - Ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay pangungunahan ang paghahanda at pagdaraos ng mga *palatuntunang* pang-alaala kaugnay kay Dr. *Jose* Protasio *Rizal Mercado Y. Alonso Realonda at sa kanyang kaugnayan sa Lungsod ng Malolos.*

*Mahigpit na itinatagubilin ang pagsasabit o' pagwagayway ng Watawat ng Pilipinas sa mga pampubliko at pribadong lugar o' establisyimento sa Lungsod tuwing Rizal Day.*

*Ang mga sumusunod na petsa at buwan ay idaraos ang mga palatuntunang pang-alaala sa Lungsod tungkol kay Dr. Rizal, kaakibat ang pagtatakda ng pook o' lugar kung saan ito idaraos o' gaganapin sang-ayon sa mga batayang pangkasaysayan:*

***Hunyo 19, 1861*** - *Araw ng Kapanganakan ni Dr. Jose Rizal (Casa Real).*
***Disyembre 12 1888*** - *Isinumite ng mga Kababaihan ng Malolos ang kanilang petisyon kay Gobernador Heneral Valeriano Weyler*

*Kababaihan ng Malolos - Harapan ng dating naging paaralan ng mga Kababaihan ng Malolos sa Barangay Sto. Niño*

***Pebrero 22, 1889*** - *Sumulat si Dr. Jose Rizal sa Kababaihan ng Malolos, sa Rekomendasyon ni Gat. Marcelo H. del Pilar (paggunita sa tahanan ni Alberta Uytangcoy sa Barangay Sto. Niño)*

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

***Hulyo*** – *Pagdating ni Dr. Rizal sa Malolos upang palaganapin ang mga aral ng La Liga Filipina (Lumang Istasyon ng Philippine National Railways (PNR) sa Malolos).*

***Disyembre 30, 1896*** – *Araw ng Kabayanihan ni Dr. Rizal (Casa Real).*

*Ang mga nabanggit na palatuntunan ay dadaluhan ng mga pampublikong paaralan, kolehiyo at pamantasan na nasa Lungsod, na aktibong makiisa sa mga palatuntunang pang-alaala tungkol kay Dr. Rizal at sa kanyang kaugnayan sa lungsod, kabilang na sa mga palatuntunanG ito ang pagdaraos ng panayam o' kumperensiya.*

*Katuwang ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang* 'Order of the Knights of Rizal' (OKOR) ay idaraos ang mga panayam at komperensiya matapos ang partikular na *palatuntunang* pang-alaala.

*Isasagawa sa Casa Real ang taunang pagdiriwang ng Kaarawan ni Dr. Rizal tuwing Hunyo 19 at paggunita ng kanyang kabayanihan tuwing Disyembre 30, sa pakikipag-ugnayan sa NHCP.*

*Itinatakda ang pagkakaroon ng sipi ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo, na nasa wikang Filipino, ang bawat paaaralan, kolehiyo at pamantasan sa Lungsod maging ito man ay pampubliko o pribado sang-ayon na rin sa Batas Republika Blg. 1425.*

*Itinatakda ang pagsasara ng lahat ng establisyimentong pangsugalan sa buong Lungsod, tuwing Disyembre 30 sang-ayon naman sa Batas Republika Blg. 229 (sabong).*

**SEKSYON 5. - PAGLIKHA AT PAGTATATAG** – Nililikha at itinatatag ang "Konseho ng Batas Rizal sa Lungsod ng Malolos" at ito ay kabibilangan ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 5.1 | Punong Lungsod | Tagapangulo |
| 5.2 | Pangulo ng Lupon sa Turismo, Kultura at Sining (Sangguniang Panlungsod) | Pang. Tagapangulo |
| 5.3 | Pinuno ng Tanggapan ng CTACSD | Kasapi |
| 5.4 | Chapter Commander ng OKOR | Kasapi |
| 5.5 | Kurador ng Casa Real ng NHCP | Kasapi |
| 5.6 | Hepe ng PNP-Malolos | Kasapi |
| 5.7 | Superintendent ng DepEd Division of Malolos | Kasapi |
| 5.8 | Pangulo ng Association of Barangay Captains ng Lungsod | Kasapi |
| 5.9 | Pandistritong Inhinyero ng DPWH- Unang Distrito | Kasapi |
| 5.10 | Pinuno ng PHACTO | Kasapi |
| 5.11 | Pinuno ng City Traffic Management Office | Kasapi |
| 5.12 | Pinuno ng WOMFI | Kasapi |

**SEKSYON 6. - TUNGKULIN AT GAMPANIN NG KONSEHO** – Ang tungkulin at gampanin ng pinuno ng Konseho ng Batas Rizal sa Lungsod ng Malolos ay ang mga sumusunod, na;

6.1 Tiyakin ang pagpapatupad at pagdaraos sa taunang mga palatuntunang pang-alaala para kay Dr. Jose P. Rizal.

6.2 Magtaguyod, magpormula at magrekomenda ng mga patakaran at pagbabago ng mga adhikain o' paraan ng pagsasagawa para sa ikatatagumpay at pagpapaunlad sa mga kasalukuyang palatuntunan, panayam at kumperensiya.

6.3 Magrekomenda sa Sangguniang Panlungsod para sa mga pagpapasa ng kinakailangang akdang lehislatibo patungkol sa layunin ng konseho.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

6.4 Makipag-ugnayan sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan at pribadong institusyon at grupo tungo sa pagpapaigting ng pagsusulong at ikatatagumpay ng mga palatuntunan.

6.5 Manguna sa koordinasyon at promosyon para sa ikatatagumpay ng bawat isang *palatuntunang* pang-alaala, kung saan malaki ang maitutulong nito sa turismo ng Lungsod.

6.6 Pagsasagawa ng pag-aaral at pagrerebisa matapos makapagsagawa ng mga *palatuntunang* pang-alaala, panayam at kumperensiya.

6.7 Manguna sa komprehensibong pananaliksik patungkol sa mga pangyayaring may kinalaman kay Dr. Jose Rizal at sa Lungsod ng Malolos.

6.8 Gampanin ang iba pang tungkulin na nakatuon sa Konseho.

**SEKSYON 7. - PAGPUPULONG** - Ang pagpupulong ng Konseho para sa mga palatuntunan nito ay gagawin ng isa o' dalawang beses kada isang buwan, tatlong buwan bago ang petsa ng kapanganakan ni Dr. Rizal ng Hunyo 19. Gayundin ang pagpupulong ng Konseho ng isa o dalawang beses kada isang buwan, tatlong buwan bago ang petsa ng kanyang kabayanihan o' Disyembre 30 o' naaayon na rin sa pagtatakda ng bumubuo Konseho.

**SEKSYON 8. - TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD:**

1. Tanggapan ng Punong Lungsod (Office of the City Mayor) ay ang:
   a. Tanggapan na siyang sisiguro sa implementasyon ng mga probisyon ng Kautusang ito;
   b. Bubuo o' gagawa ng Implementing Rules and Regulations (IRR) na tutupdin batay sa isinabatas na Kautusang ito.
2. Ang City Tourism, Arts, Culture and Sports Division (CTACSD) ay ang:
   a. Ang pangunahing mamamahala para sa mga nabanggit na palatuntunan.
3. City Information Office (CIO) ay ang:
   a. Tanggapan na mangunguna sa pag-aanunsyo sa mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos patungkol sa mga probisyon ng Kautusang ito;
   b. Tanggapan na gagamit ng kinakailangang midyum sa paglalahathala at pag-aanunsyo ng Kautusang ito.

**SEKSYON 9. - PAGBUO NG TECHNICAL WORKING GROUP (TWG)** - Binubuo ang Technical Working Group na siyang mag-aaral at magpa-plano patungkol sa Kautusang ito na bubuoin ng mga sumusunod:

Tagapangasiwang Panlungsod : Pinuno

Mga Miyembro:
a. City Tourism, Arts, Culture and Sports Division (CTACSD)
b. City General Services Office
c. City Engineering Office
d. City Traffic Management Office

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SEKSYON 10. - HISTORY TRAIL** - Inaatasan ang City Tourism, Arts, Culture and Sports Division na makapagtayo ng *history trail/board up* sa 10 hectares Government Center patungkol sa mga mahahalagang pangyayari sa Lungsod na may kinalaman kay Dr. Jose Rizal, Hen. Isidoro Torres at iba pang mahalagang personahe at kasaysayan.

**SEKSYON 11. ALOKASYON.** - Itinatadhana ang paglalaan ng Pamahalang Lungsod ng Malolos ng halagang gugugulin para sa pagpatupad ng Kautusang Panlungsod na ito.

**SEKSYON 12. - KAPARUSAHAN** - Sinumang lalabag sa Kautusang ito, partikular sa Seksiyon 4, na kung saan *mahigpit na itinatagubilin ang pagsasabit o' pagwagayway ng watawat ng Pilipinas sa mga pampubliko at pribadong lugar o' establisyimento sa Lungsod tuwing Rizal Day* ay magmumulta ayon sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Unang paglabag - | pagbibigay babala (*written warning*) at multang halagang Limang Daang Piso (P500.00) |
| Ikalawang paglabag - | multang halagang Isang Libong Piso (P1,000.00) |
| Ikatlong paglabag - | multang halagang Dalawang Libong Piso (P2,000.00) |

**SEKSYON 13. - SUGNAY NA NAGPAPAWALANG SAYSAY** - Ang anumang Kautusang Bayan o' Panlungsod na umiiral at ipinatutupad bago pa nilikha ang Kautusan na "sumasalungat o di sumasang-ayon" dito ay ganap na pinawawalang-saysay sa sandaling ito ay ganap na mapagtibay.

**SEKSYON 14. - SUGNAY NA PAGHIHIWALAY** - Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maihayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 15. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakaroon ng bisa pagkatapos pagtibayin, mailagay sa mga hayag na lugar at mailathala sa mga lathalain.

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

____________________
**PetsangPagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11232020